Pagtatanggal ng damo

Ang maayos na pagpapatubig, pagbunot ng damo at pagtanggal ng mga kakaibang klase ng palay ay ginagawa upang mapanatiling malinis ang palayan.

Pagpuksa sa mga sakit at peste

Ang pinagsama-samang pamamaraan sa pagpuksa ng peste ay ginagawa sa pamamagitan ng pag-isprey ng vermitea mula sa pagtatanim hanggang sa pag-usbong ng mga butil. Ito ay ginagawa tuwing makalipas ang dalawang (2) linggo. Nangangailangan ito ng 32 litrong vermitea kada ektarya sa bawat aplikasyon. Ang limang (5) litrong vermitea ay kailangang haluan ng 11 litrong tubig o 5:16 ang halo sa bawat 16 litrong karga ng sprayer. Gumamit ng tubig na galing sa gripo o bomba at hindi chlorinated na tubig para libre sa kemikal ang vermitea. Siguraduhing gumamit ng sprayer na hindi napaglagyan ng ibang kemikal tulad ng pamatay-damo, sakit, insekto o kuhol.

Pag-aani

Ang palay ay maari ng anihin kung 80-85% na ang pagkahinog nito.

Patuyuin ang mga butil hanggang 14% ang basa.

Reference:
Central Luzon Agriculture Resources
Research & Development Consortium
Central Luzon State University
Science City of Muñoz
Nueva Ecija, 3120

Philippine Council for Agriculture
Aquatic and Natural Resources
Research and Development (PCAARRD)
Los Baños 4030, Laguna

Reproduced by:
Organic Agriculture Program and and Regional Agricultural & Fisheries Information Section (RAFIS)

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Regional Field Office No. 02
Tuguegarao City, Cagayan
Tel. Nos. 844-1331/1328
Fax Nos. 844-1031
Website: http://rfo02.da.gov.ph
Email Address: ored.rfo2@da.gov.ph

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Regional Fleld Office No. 02
Tuguegarao City, Cagayan
Organic Agriculture Program

Pagpaparami ng Organikong Binhi ng Palay Gamit ang

Vermicompost at Vermitea

Ang paggamit ng organikong abono tulad ng vermicompost at vermitea sa palayan ay isang makabagong pamamaraan sa pagsasaka. Ito ay isang natural na pamamaraan ng pag-aabono at pagpuksa ng mga peste. Ito rin ay pamalit sa kemikal na pag-aabono at pagpuksa ng mga peste na nakasisira sa ating kalusugan at kapaligiran. Maaari itong mapataas ang produksyon ng palay hanggang 28 porsyento.

Samantala, ang vermitea naman ay mga dumi ng bulate na ibinabad sa tubig at pinahanginan.

Ang vermicompost ay 100% *"natural organic compound"* dahil ito ay dumi ng bulate. Ang bulate ay may kakaibang bituka na kayang magbigay ng mataas na kalidad ng organikong abono.

Mga Benepisyong Makukuha sa Paggamit ng Vermicompost at Vermitea

Maaari nitong mabawasan ang pag-atake ng mga peste tulad ng kulisap, hantik at aphids, at iba pang sakit ng palay.

Nagkakaroon ng mas maagang pag-usbong ng mga punla. Mas malago ang mga punla, at mas maraming bilang ng mga usbong.

Siksik at mas mabigat ang mga butil ng palay hanggang 4 na kilo sa bawat isang kaban. Maaari rin nitong paataasin ang dami ng ani.

Pinapataba nito ang lupa para sa mas malusog na mga tanim. Ito ay hindi nakakasunog ng mga halaman.

Ang tubig sa palayan ay tumatagal at ito ay isang uri ng organikong pataba na pangkondisyon sa lupa. Napapababa nito ang maagang pagkamatay ng bulaklak ng palay sa panahon ng pamumulaklak.

Pamamaraan

Mga uri ng palay na itinatanim sa pamparami ng Buto: ay ang NSIC-RC 130, PSB-RC-81, NSIC-RC 128, at ang mga linyang-uri ng 301 at 74.

Paghahanda ng Punlaan

Ang dami ng punla sa inbred rice ay 40 kilos para sa 400 metro kwadrado at 20 kilos naman sa hybrid rice.

Ang lupa ay dapat maararo ng dalawang beses at masuyod ng tatlong beses sa pamamagitan ng kalabaw o traktor bilang paghahanda ng lupang tatamnan.

Pagtatanim

May dalawang klase ng pagtatanim ang inirerekomenda: (a) Diretsong linya na may 1-2 punla kada tumbok na may distansiyang 15 cm x 18 cm; (b) Waray-waray na pagtatanim na may 1-2 punía rin kada tumbok.

Pagpapatubig

Ang palayan ay pwedeng patubigan ng galing sa irigasyon o kaya sa water pump.

Pag-aabono

Base sa pag-analisa sa lupa, kailangan ng 25 sako ng vermicompost para sa 1 ektaryang lupa. Ihalo ang vermicompost sa panahon ng paghahanda sa lupa (huling pagsusuyod).